

## Walong Sorpresa at Himala ng Diyos sa Panahon ng Tagtuyot

A Lord's Flock General Assembly Topic  
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder  
July 18, 2020

Kailangang magbigay ng babala si Elias at iparating ang masamang balita kay Haring Ahab na hindi magkakaroon ng ulan sa loob ng 3.5 na taon dahil sa masasamang nagawa ng Israel. Nabahala si Haring Ahab dahil malalagay siya sa hindi magandang sitwasyon at baka papatayin pa siya ng mga tao (1Hari 17:1-24). Ngunit, prinotektahan si Elias ng Diyos at ipinakita Niya ang Kanyang mga sorpresa. Kung nasa tagtuyot din tayong sitwasyon, bumaling tayo sa Diyos at magtiwala sa Kanyang mga sorpresa at himala.

### Walong Sorpresa at Himala ng Diyos

#### 1. Sorpresang Direksyon

- May mga pagkakataong na-plano na natin lahat pero iba ang plano ng Diyos (at higit na mas maganda!)
- Kung may plano ang Diyos na gamitin tayo, ihahanda, bibigyan tayo ng kapangyarihan, at gagantimpalahan kung susunod tayo sa Kanya.

#### 2. Sorpresang Lugar

- Sinabihan si Elias na magtago sa batis ng Carit; silangan ng Jordan.
- Dinadala tayo ng Diyos sa tamang lugar at minsan sorpresa ito sa atin.

#### 3. Sorpresang Tagapagbigay

- linom siya ng tubig sa batis ng Carit at pakakainin siya ng mga uwak.
- Hindi natin alam paano tayo bibigyan ng Diyos pero tiyak na hindi Niya tayo pababayaan. Alam ng Diyos ang mga pangangailangan natin bago pa tayo humingi.

#### 4. Sorpresang Suliranin

- Natuyo ang batis. Ngunit, may dahilan at panahon ang lahat.
- Kung paano tayo nabubuhay mag-isa para sa Diyos ang tiyak na susubok sa ating ugali. Ituon natin ang ating mga mata kay Hesus, hindi sa ating mga problema.

#### 5. Sorpresang Utos

- Sinabihan siya ng Diyos na magpunta sa Sarepta at pakakainin siya ng balo roon.
- Pakinggan natin ang Kanyang mga utos maski mayroon na tayong nakatakda sa isip.

#### 6. Sorpresang Kahilingan

- Humingi si Elias ng makasariling kahilingan. Humingi siya ng inumin at pagkain. Halos wala ng makain ang balo at ang kanyang anak, paubos na ang kanilang pagkain, ngunit ibinahagi pa rin niya kay Elias kung ano ang mayroon sila.
- Bilang Kristiyano, dapat ibahagi natin ang ating mga biyaya sa iba, gaano man ito kaliit.

#### 7. Ang Sorpresang Pagtustos (Dumarating sa Maraming Paraan)

- Mapagbigay ang balo. At ginantimpalahan siya. Hindi naubos ang kanilang pagkain maski ibinigay niya ang kahuli-hulian nilang pagkain.
- Huwag nating sukatin ang mga pamamaraan ng Diyos. Hindi natin Siya kayang tumbasan.

#### 8. Ang Sorpresang Himala ( Galing sa Bahay).

- Lilikha ang Diyos ng himala sa atin kung tayo ay sumusunod sa Kanyang salita at nananampalataya sa Kanyang mga pangako.
- Ibahagi natin kung ano ang kailangan natin at ito ay babalik, siksik liglig at umaapaw pa (Lk. 6:38).
- Magkakaroon tayo ng sorpresang gantimpala:

Mga pinagkaloob ng Diyos:

- ❖ hindi naubos ang harina sa lalagyan at hindi rin natuyo ang tapayan ng langis.
- ❖ Nabuhay ang anak niya.

#### Konklusyon:

Kung nararamdaman natin na nasa tagtuyot tayong sitwasyon, umasa tayong may mga sorpresa at himala ang Diyos dahil hindi Niya tayo pababayaan at ituturo Niya ang tamang daan para matamasa natin ang Kanyang gantimpala.

#### Pagninilay:

Balikan ang mga sorpresang ibinigay sa iyo ng Diyos. Paano ang reaksyon mo? Napalitan ba nito ang mga nauna mong mga plano? Ano ang kinalabasan? Handa ka na ba sa sorpresa at himala ng Diyos?

Isinalin ni: Sis. Nida A. Cruz

Na- edit ni: Sis Vera I. Tuplano

Inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano

For more Teachings, visit our website:

[www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials](http://www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials)